BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

PAUNAWA SA MEDIA

PETSA: Mayo 18, 2022
CONTACT: Kristine Roselius – 415.519.5419 o kroselius@baaqmd.gov

Lupon ng Distrito ng Hangin, kinumpirma si Sharon Landers bilang pansamantalang tagapagpaganap na opisyal

SAN FRANCISCO – Ngayong araw, bumoto ang Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na panatilihin si Sharon Landers bilang pansamantalang tagapagpaganap na opisyal simula sa Lunes, Mayo 23, para sa isang siyam na buwan na kontrata.

Magsisilbi si Bb. Landers bilang pansamantalang tagapagpaganap na opisyal ng Air District habang sinisimulan ng Air District ang paghahanap nito para sa isang kandidatong permanenteng uupo sa posisyon.

Sa nakalipas na 24 na taon, nagsilbi si Bb. Landers sa antas ng tagapagpaganap na pamamahala sa iba't ibang pampublikong ahensya kasama ang mga awtoridad sa transportasyon, ahensya sa redevelopment, at lungsod. Mayroon silang malawak na karanasan sa pagpapatakbo ng pamahalaan kasama ang transportasyon, sustainability, at pagpapantay sa lipunan, at may background din siya sa batas ng pampublikong sektor.

Si Bb. Landers ay may B.S. degree in Computer Science at Psychology mula sa State University of New York, at JD mula sa Albany Law School.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Air District | *Mga Pahayag sa Media*